

Tungo sa isang pambansang wika

Kasaysayan

NOONG Agosto 13, 1973, sa isang talumpating binigkas ni Presidente Marcos sa Manuel L. Quezon University sa pagdiriwang ng Linggo ng Wika, sinabi niya na: "Pinatutunayan ng sarili kong karanasan na maari na akong makipagtalastasan sa ating mga kababayan saan mang dako ng kapuluan sa pamamagitan ng wikang Pilipino."

Halos 40 taon simula nang ipahayag ni Presidente Quezon ang wikang pambansa ng Pilipinas na batay sa Tagalog, ang Pilipino, na sa kasalukuyan ay ginagamit na ng mahigit sa 56% ng populasyon, ay itinuturing nang isa sa mga puwersang mahigpit na nagbibigkis sa sambayanang Pilipino.

Ang kasaysayan ng wikang pambansa, ay lagi nang kaakibat ng mga pinagdaanan karanasan ng Pilipinas sa loob ng ilang daan taong pagkakapailalim sa mga kolonyalista. Kasabay ng patuloy na pagtatangka ng mga Pilipino sa mula't mula pa na makalipas sa pagkakahawak ng mga mananakop, at maigiit ang kanyang kasarinlan, ang landasing tinahak ng wikang pambansa ay naging isang mahalagang bahagi ng paghahanap ng Pilipino ng kanyang kakanyahan o identity.



Pang. Quezon: ama ng Wikang Pilipino.

Noong mga huling bahagi ng ikalabinsiyam na dantaon, bagamat ang pangunahing wika ng Kilusang Propaganda ay ang Kastila (sapagkat ang direksiyon ng propaganda ay ang mga awtoridad sa Espana), ang pangunahing layunin nina Rizal, del Pilar at mga kasama ay ang paggigiit ng katutubong kultura upang maipantay sa mga kulturang dayo. Kaakibat ng kilusang ito ay ang pagbibigay-diin sa mga katutubong wika bilang mabisang instrumento sa pagmumula sa mga mamamayan.

Noon pa, ang mga lider ng Kilusang Propaganda, at sumunod ang Katipunan, ay naniniwala na ang isang pambansang wika ay mabisang sandata sa paggigiit ng kakanyahan ng isang bansa.

Bagamat nagkaroon ng mga pagtatangka na itakda ang pambansang wika ng Pilipinas nang inihahanda ang Malolos Constitution noong taong 1899, hindi ito nagkabunga. Ang ideyang ito ay lalong napa-saisantabi nang dumating ang mga Amerikano.

Mas matatalinong mananakop ang mga Amerikano kaysa sa mga Kastila. Nagamit nila nang husto ang wikang Ingles sa pagkikintal sa isipan ng Mga Pilipino ng "kadakilaan" ng kanilang "misyong" sa Pilipinas. Saang wika pa nga ba higit na mabisang maipaobot sa mga Pilipino ang matatayog na mga ideya, pamamaraan, at mga konseptong Amerikano kung hindi sa wikang Ingles.

Bagamat ang Schurman Commission ay tumutol sa pagsasabing: "Ang imposisyon ng isang dayuhang wika sa mga Pilipino ay hindi makatarungan, at walang kahihinatnang pagsisikap," ipinatupad ng administrasyong kolonyal ang pagtuturo ng Ingles sa buong bansa.

BUHAT noon, nabuksan ang isipan ng mga Pilipino sa kulturang Kanluranin. Sumilang ang "little Brown Americans."

Ngunit kasabay rin ng pagkapukaw ng damdaming nasyonalistiko sa mga Pilipino sa mga panahong iginigiit ang kalayaan sa Amerika, noong mga unang dekada ng ika-dalawampung dantaon, pina-ngunahan ni Presidente Quezon ang paggawa ng mga hakbang sa pagbuo ng isang wikang pambansa ng isang bansang naghahangad na lumaya.

Sa pamamagitan ng Commonwealth Act No. 184, nilikha noong 1936 ang Surian ng Wikang Pambansa na binigyan ng tungkuling pagsasagawa ng pag-aaral sa mga katutubong wika ng Pilipinas, at pagpa-aulad at pagpapatibay ng isang wikang panlahat na batay sa isang katutubong wikang umiiral.

Noong Disyembre 30, 1937, alinsunod sa tadhana ng Commonwealth Act No. 184, ipinahayag ni Presidente Quezon ang Wikang Pambansa ng Pilipinas batay sa Tagalog, ayon sa rekomendasyon ng Surian.

Ang wikang Tagalog, na ginagamit sa Central Luzon at sa Southern Tagalog, ay nabibilang sa tinatawag na "Malayo-Polynesian family of languages." May pagkakahawig ito sa Malayang at sa Bahasa Indonesia, patunay na ang mga Pilipino ay galing sa liping Malayo.

Ang Tagalog ay pinagyaman pa ng mga salitang mula sa may 60 pangunahing wika sa bansa, bukod pa sa mga salitang hiram sa Tsino, Kastila, Ingles, Sanskrit at Arabic.

Sa kasaysayan ng wikang pambansa, ang mga sumunod na dekada, hanggang sa kasalukuyan, ay kinakitaan ng mga diskusyon, paghahabla, debate, at hidwaan ukol sa katumpakan ng pagkapili sa Tagalog bilang wikang pambansa. May mga Pilipino, karamihan ay ibinubuyo ng mapaghiidwang damdamin ng rehiyonalismo, na nagtangkang humadlang sa landasin ng wikang pambansa. Ilan pa rin, na may malalim na pagkakatatak ng kulturang kanluranin sa kanilang mga noon, ang ginamit ng mga kolonyalista sa mga "divide and rule tactic" sa mga Pilipino.

Sa kabila ng mga balakid na ito, na walang intelektuwal na batayan kundi emosyon at kamangmangan sa mga kalakaran sa lingguwistika at sa natural na pagkadebelop ng isang wika, hindi nahadlangan ang paglaganap ng Pilipino.

HIGIT kailanman, sa kasaysayan ng Pilipinas, ang kasigagan ng pagpapalaganap ng Pilipino ay naganap nitong mga unang taon ng kasalukuyang dekada. Pinukaw ng diwang nasyonalistiko na isinangiting, pangunahin na ng mga estudyante, sa mga pamamahayag, diskusyon, at teach-ins, ang wikang pambansa ay nabigyan ng kaukulang pagtangkil ng mga mamamayang nagsimulang magtanong at mag-isip-isip ukol sa saysay ng kanilang matagal-tagal din namang pakikipag-ulayaw sa mga kulturang banyaga. Di-ilang artista, manunulat, mandudula, ang nagising sa katotohanang ang kanilang sining, upang magkaroon ng kahulugan, ay kinakailangang makarating sa masa ng mga mamamayan. Upang mangyari ito, kinakailangang ang gamitin nila ay Pilipino.

Nito ring mga nakaraang taon sa mabilis na pag-unlad ng industriyang panlabang, sumabay ang paglaganap ng Pilipino sa pagdami ng mga pelikulang Pilipino, mga programang Pilipino sa telebisyon at sa radyo at mga babasahin.

Higit din kailanman, sa kasaysayan ng lahat ng administrasyon sa Pilipinas, ang panunungkulan ni Presidente Marcos ang nakapagbigay ng pinakamalaking kontribusyon sa pagpapalaganap ng Pilipino. Kung sa mga nagdaang administrasyon, ang pagdaraos ng Linggo ng Wika tuwing Agosto 13-19, na itinakda ng Proclamation No. 186 ni Presidente Magsaysay ay nangangahulugan lamang ng pagsasalita sa Pilipino sa loob ng isang linggo sa mga paaralan at paglalagay ng mga poster nina Quezon at Rizal, ang pagdiriwang ng Linggo ng Wika nitong mga nakaraang taon ay idinaraos sa pamamagitan ng mas makakahulugang aktibidad, tulad ng mga symposia, lecture at timplakbigkasan na pawang naglalayong makapagkintal sa isip ng mga mamamayan ng kahalagahan ng wikang pambansa, hindi sa loob lamang ng isang linggo kundi sa lahat ng panahon.

Mula rin noong 1967 hanggang sa kasalukuyan, ang administrasyon ay nakapagpalabas na ng mga kautusang tagapagpaganap, memorandum, at mga circular sa mga opisina at ahensiya ng gobyerno, ukol sa pagpapalaganap ng Pilipino. May kautusang umiiral na nagtatadhana na lahat ng gusali, edipisyo at tanggapan ng pamahalaan ay pangangalanan sa Pilipino. Ang mga "letterhead" ng mga kagawaran, tanggapan at sangay ng pamahalaan ay nararapat nasusulat sa

Pilipino kalakip ang kaukulang teksto sa Ingles. Noong Hulyo 29, 1971, pinalabas ang Memorandum Circular No. 488 na humihiling sa lahat ng tanggapan ng pamahalaan na magdaos ng palatunutan sa pagdiriwang ng Linggo ng Wikang Pambansa.

ANG suportang kinakailangan ng wikang pambansa ay nagmumula mismo kay Presidente Marcos. Sa lahat ng kanyang mga talumpati sa mga mamamayan, ang mga ito ay lagi nasusulat sa Pilipino o kaya ay pinangungunahan ng ilang mga talata sa Pilipino. Sa pagtanggap ng credentials ng mga kinatawag diplomatiko ng ibang bansa, ang wikang ginagamit ng Presidente ay Pilipino.

Ngunit sa lahat ng mga kasisimulang proyekto ng gobyerno para sa pagpapalaganap ng wikang pambansa, ang patakaran sa bilinguwalismo sa mga paaralan ang pinakamakahulugan. Sapagkat ito'y nasa larangan ng social science, tinatayang malaki ang magagawa nito sa dekolonyalisasyon ng mga Pilipino.

Bilang pagsunod sa probisyon ng 1973 Konstitusyon ukol sa pagsasanay sa mga mamamayan sa wikang Pilipino at Ingles, naglabas ang Department of Education and Culture ng Department Order No. 25 noong Hunyo 19, 1974 ukol sa patakaran ng bilinguwalismo sa mga paaralan.

Sa ilalim ng mga guidelines ng DEC, ang Ingles at ang Pilipino ay gagamiting wikang panturo sa lahat ng antas sa paaralan. Ang mga ito ay ituturo rin bilang aralin sa lahat ng grado sa elementarya at sa haiskul.

Ang Pilipino ay gagawing panturo sa mga sumusunod na aralin: social studies, social science, character education, work education, health education at physical education.

Ang unang bahagi ng programa, na sasakop mula school-year 1974-75 hanggang 1977-78, ay magiging transition period para sa pagtuturo ng mga araling nabanggit sa wikang Pilipino. Sa ikalawang bahagi, sa school-year 1978-79 hanggang 1981-82, ang paggamit ng Pilipino sa pagtuturo ng mga nabanggit na aralin ay magiging obligado.

Para sa implementasyon ng mga hakbang na ito, ang DEC ay naghahanda rin ng mga libro at iba pang materyales na kakailanganin at nagsasanay ng mga titser na kalahok sa programa.

Kasama rin sa patakaran ng bilinguwalismo, ang mga kolehiyo sa kasalukuyan ay inatasan din ng DEC na isama sa kanilang curricula ang mga kurso sa Ingles at Pilipino. Iniaatas din sa mga kolehiyo na tiyakin na lahat ng magtatapos, pagdating ng 1984, ay nakapasa sa kanilang mga eksamen sa Ingles at Pilipino. Ito ay nagsimula noong school-year 1976-77. Samantala sa Unibersidad ng Pilipinas, ang subject na Pilipino ay itinuturo na noon pang 1968.

PARA sa patakaran ng bilinguwalismo, ang Surian ay nagsasagawa ng mga sumusunod na proyekto:

Paggamit sa mass media sa pagsasanay ng mga titser na magtuturo ng Pilipino.

Istandardisasyon ng mga terminolohiyang ginagamit sa iba't ibang subject na ituturo sa wikang Pilipino.

Pagbuo ng isang diksiyonaryo na magtataglay ng mga lexical terms na kakatawan sa mga pangunahing wika sa Pilipinas.

